

# Sapilitang pagpasok sa paaralan

## Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

Ang edukasyon para sa inyong anak ay mahalaga at ang regular na pagpasok sa paaralan ay mahalaga para sa inyong anak na upang makamit ang kanilang pinakamahusay na pag-aaral at mapalaki ang kanilang mga pagpipilian sa karera at buhay. Ang mga pampublikong paaralan sa NSW ay nakikipag-tulungan sa mga magulang upang mapasigla at masuportahan ang regular na pagpasok ng mga bata at kabataan. Kapag araw-araw na pumapasok ang inyong anak sa paaralan, nagiging mas madali ang pag-aaral at ang inyong anak ay magbubuo at magpapanatili ng mga pakikipagkaibigan sa ibang mga bata.

### Ano ang aking mga legal na tungkulin?

Ang edukasyon sa New South Wales ay sapilitan para sa lahat ng mga batang nasa pagitan ng mga edad na anim na taon at mas mababa sa minimum na edad ng pagtatapos sa paaralan na 17 na taon. Kinakailangan ng Education Act 1990 (Batas ng Edukasyon 1990) na siguraduhin ng mga magulang na ang kanilang mga anak na nasa sapilitang edad ng pag-aaral sa paaralan ay naka-enroll sa, at regular na pumapasok sa paaralan, o nakarehistro sa NSW Education and Standards Authority para sa pag-aaral sa bahay.

Kapag naka-enroll na, ang mga bata ay kinakailangan na papasok sa paaralan sa araw-araw na ito ay nakabukas para sa mga mag-aaral.

### Ang kahalagahan ng pagpasok sa takdang oras

Ang pagdating sa paaralan at silid-aralan sa takdang oras ay:

- sinisiguro na ang mga mag-aaral ay hindi magliban sa mga mahahalagang aktibidad ng pag-aaral na naka-iskedyul ng maaga sa araw na iyon
- nakakatulong sa mga estudyante na matutunan ang kahalagahan ng pagiging maagap at pagsunod sa gawi
- nagbibigay sa mga mag-aaral na kumustahin ang kanilang mga kaibigan bago mag-umpisa ang klase
- nakakabawas ng istorbo sa silid-aralan.

Ang pagkakaatrasado ay iniuulat bilang isang bahagyang pagliban at dapat na ipaliwanag ng mga magulang.

### Ano ang mangyayari kung ang aking anak ay hindi makakapasok sa paaralan?

Kung minsan, maaaring kakailanganing magliban mula sa paaralan. Ang mga makatwirang dahilan para sa pagliban ng mga mag-aaral ay maaring kabilang ang:

- Pagkakasakit, o pagkakaroon ng isang nakakahawang sakit
- pagkakaroon ng isang hindi maiiwasang appointment na pangmedikal
- pinag-utusan na dumalo sa isang kinikilalang pistang pangrelihiyon
- hindi pangkaraniwan o importanteng pangyayari sa pamilya hal. pagdalo sa isang paglibing.

Kasunod ng isang pagliban mula sa paaralan, dapat mong siguruhin na sa loob ng 7 araw ay magbibigay ka ng isang berbal o nakasulat na pagpapaliwanag sa naging pagliban sa paaralan ng inyong anak. Gayunpaman, kung hindi makakatanggap ang paaralan ng isang pagpapaliwanag mula sa iyo sa loob ng dalawang araw, maaaring makikipag-ugnay ang paaralan sa iyo upang pag-usapan ang pagliban.

Maaaring tanggihan na tanggapin ng mga punong-guro ang isang pagpapaliwanag na ibinigay mo kung hindi sila naniniwala na ang pagliban ay hindi nasa pinakamabuting kapakanan ng inyong anak. Sa mga pangyayaring ito, ang pagliban ng inyong anak ay iuulat bilang unjustified (hindi makatwiran). Kapag magyayari ito, tatalakayin ng punong-guro ang kanilang desisyon sa iyo at ang mga dahilan kung bakit.

Maaaring hihilingin ng mga punong-guro ang mga sertipikong medikal at iba pang mga dokumento kapag ang mga madalas o pangmatagalang pagliban ay ipinapaliwanag nang dahil sa sakit. Ang mga punong-guro ay maaari ring humiling ng pahintulot mula sa magulang upang makipag-usap sa mga espesyalista sa medisina upang makakuha ng impormasyon upang makipagtulungan na makabuo ng isang plano sa pangangalaga ng kalusugan upang masuportahan ang inyong anak. Kung tatanggihan ang pahintulot, maaaring iulat ng punong-guro ang mga pagliban bilang hindi makatwiran.

## Paglalakbay

Ang mga pamilya ay inirerekomendang maglakbay sa panahon ng mga bakasyon sa paaralan. Kung kinakailangan ang paglalakbay sa panahon ng pag-aaral, pag-usapan ito sa punong-guro ng inyong anak. Maaaring kakailanganing kumpletuhin ang isang Application for Extended Leave. Ang mga pagliban na may kaugnayan sa paglalakbay ay mamarkahan bilang isang “leave” (bakasyon) sa listahan at sa gayong dahilan ay maidadagdag sa kabuuang pagliban ng inyong anak para sa taon.

Sa ilang mga kalagayan, ang mga mag-aaral ay maaaring kwalipikadong mag-enrol sa distance education para sa mga paglalakbay na mas higit sa 50 araw ng pagpasok sa paaralan. Dapat itong talakayin sa punong-guro ng inyong anak.

## Ayaw na pumasok sa paaralan ang aking anak, ano ang dapat kong gawin?

Dapat kang makipag-ugnay sa punong-guro sa lalong madaling panahon upang talakayin ang isyu at humiling ng tulong. Ang mga estratehiya upang makatulong na mapabuti ang pagpasok sa paaralan ay maaaring kabilang ang isang pagsasangguni sa learning and support team ng paaralan o pagkunekta sa inyong anak sa mga angkop na network ng suporta. Ang punong-guro ay maaaring humingi ng karagdagang suporta mula sa Home School Liaison Program (Programa ng Pakikipag-ugnay para sa Pag-aaral sa Bahay) upang makabuo ng isang Attendance Improvement Plan (Plano sa Pagpapabuti ng Pagpasok).

## Ano ang mangyayari kung magpapatuloy na magkaroon ng mga hindi katanggap-tanggap na pagliban ang aking anak?

Mahalagang maunawaan na ang Kagawaran ng Edukasyon ay maaaring gumawa ng karagdagang aksyon kung ang mga batang nasa edad ng sapilitang pagpasok sa paaralan ay paulit-ulit na lumiban sa paaralan nang hindi maipaliwanag o makatwiran.

## Ang ilan sa mga sumusunod na aksyon ay maaaring isagawa:

- Compulsory Schooling Conferences (Mga Pagpupulong sa Sapilitang Pag-aaral)

Maaari hilingin sa iyo, kasama ang inyong anak na dumalo sa isang Compulsory Schooling Conference. Makakatulong ang conference na kilalanin ang mga suportang maaaring kakailanganin ng inyong anak upang regular silang pumasok sa paaralan. Ang paaralan, mga magulang at mga ahensya ay magtutulungan upang bumuo ng isang napagkasunduang plano (na kilala bilang Undertakings) upang suportahan ang pagpasok sa paaralan ng inyong anak.

- Application to the Children’s Court – Compulsory Schooling Order (Aplikasyon sa Korte ng mga Bata – Utos ng Sapilitang Pag-aaral)

Kung ang pagpasok sa paaralan ng inyong anak ay nananatiling hindi kasiya-siya, ang Kagawaran ay maaaring mag-apply sa Children’s Court para sa isang Compulsory Schooling Order. Maaaring mag-utos ang mahistrado ng Children’s Court na magtipun-tipon para sa isang Compulsory Schooling Conference.

- Pag-uusig sa Lokal na Hukuman

Nakatuon ang paaralan at mga kawani ng Kagawaran na makipagtulungan sa iyo upang tugunan ang mga isyu na pumipigil sa inyong anak ng lubos na partisipasyon sa paaralan. Sa mga pangyayari na ang isang paglabag sa sapilitang kautusan sa pag-aaral ay mangyari, ang karagdagang aksyon ay maaaring isagawa laban sa isang magulang sa Lokal na Hukuman. Ang resulta ng aksyon ng korte ay ang posibleng pagpapataw ng isang community service order (kautusan ng serbisyo sa komunidad) o isang multa.

## Kailan makakapagtapos ang aking anak ng pag-aaral?

Ang lahat ng mga mag-aaral sa New South Wales ay dapat na kumpletuhin ang Year 10 o ang katumbas nito. Pagkatapos ng Year 10, at hanggang marating nila ang 17 taong gulang, mayroong iba’t-ibang mga mapagpipilian para sa mga mag-aaral upang makumpleto nila ang kanilang pag-aaral.

## Kaagapay sa pakikipagtulungan

Kinikilala ng NSW Department of Education na ang pakikipagtulungan sa mga mag-aaral at sa kanilang mga magulang ang pinakamahusay na paraan upang suportahan ang regular na pagpasok ng mga mag-aaral sa paaralan.

Inaasam naming makipagtulungan sa iyo upang suportahan ang inyong anak na matupad ang kanilang mga oportunidad sa buhay.

## Serbisyo ng interpreter sa telepono

Mangyaring makipag-ugnay sa paaralan kung nais ninyong magkaroon ng karagdagang impormasyon. Kung nangangailangan ka ng tulong ng interpreter upang makipag-ugnay sa paaralan, pakitawagan ang 131 450, sabihin sa kanila kung anong wika ang kinakailangan mo at hilingin sa operator na tawagan ang paaralan. Kukuha ang operator ng isang interpreter sa linya upang tulungan ka sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka sisingilin para sa serbisyong ito.